



SULOK PARA SA TANONG



Kapag nagtatalo ang nanay at tatay ko, alalang-alala at lungkot na lungkot ako. Ano ang gagawin ko?



Maaari kang manalangin sa Ama sa Langit. Palagi nitong pinagagaan ang pakiramdam ko.
Hayden H., edad 6, Alberta, Canada



Maaari mong ipagdasal na tulungan ang nanay at tatay mo na malagpansan ang kanilang problema at ihimig ang ilang awitin sa Simbahan para gumanda ang pakiramdam mo.
Addison S., edad 10, Washington, USA



Para mapasaya sila, nakikipagbiruan ako sa kanila at ikinukuwento ko ang mga nangyari sa paaralan. Kapag nagsimula na silang tumawa, nadarama ko na sinasabi sa akin ng Espiritu Santo na tama ang ginawa ko.
Elena M., edad 12, California, USA



Pumapasok kaming magkakapatid sa kuwarto namin at nakikinig sa Tabernacle Choir. Nakatulong ito para makadama kami ng kapayapaan.
Ben M., edad 11, Brisbane, Australia



Mananalangin ako sa Ama sa Langit at hihilingin ko sa Kanya na tulungan Niya ang mga magulang ko kapag nagtatalo sila para madama nila ang Espiritu at malutas nila ang kanilang mga problema.
Ethan M., edad 11, California, USA



Max: Yayakapin ko sila at kakan-tahan ng isang awitin sa Primary para maalala nila si Jesus.



Gabe: Pagaanin ang pakiramdam ng iyong mga magulang sa pamamagitan ng pagdodrawing ng larawan ng inyong pamilya sa langit.
Max at Gabe C., edad 6 at 10, Kochi, India

SUSUNOD NA TANONG

“Paano ko malalaman na nasa hustong gulang na ako para mag-ayuno?”

May maipapayo ka ba? Ipadala sa amin ang iyong sagot at retrato bago sumapit ang Hulyo 31, 2016. Isumite ito online sa liahona.lds.org o i-email sa amin sa liahona@ldschurch.org. (Ilagay ang “Question Corner” sa subject line.) Tandaang isama ang pahintulot ng iyong magulang!